# Pambansang Sarbey sa mga Pasyente ng Kanser

Taglog



Ang mga pananaw mula sa mga taong nakaranas ng dalubhasang pag-alaga at paggamot sa kanser ay mahalagang bahagi ng pagpapabuti ng mga serbisyo. Makakatulong ang mga ito upang malaman naming kung alin ang ang gumagana nang maayos, at alin naman ang kailangang pahusayin pa, upang makabenepisyo sa lahat.

Bawat taon, nagsasagawa ng isang malawakang sarbey ang NHS England at NHS Improvement, gamit ang kumpanyang Picker, upang malaman ang mga karanasan ng mga tao sa paggamot ng kanilang kanser. Ang tawag dito ay National Cancer Patient Experience Survey. Kung ikaw ay nakatanggap ng pag-alaga o paggamot sa kanser sa ospital, maaari kang imbitahing makilahok dito.

Tatanungin ng sarbey kung paano at kailan na-diagnose ang iyong kanser, kung gaano ka nakipag-ugnay sa mga desisyon sa pag-alaga at paggamot mo, at gaano karaming impormasyon ang ibinigay sa iyo. May mga tanong din kung paano ka tinrato at gaano kalawak ang suporta na ibinigay sa iyo ng ibang NHS o social services.

Kailangan naming marinig ang bawat pananaw ng lahat, kaya mangyari lamang na makilahok kung maanyayahang sagutin ito. Ipapadala ang sarbey sa post o koreo, ngunit maaari rin itong masagot sa online o sa telepono, kung nais mo. Makakatanggap ka ng sulat kasama ng sarbey na magpapaliwanag kung paano gawin ito.

Kung kailangan mo ng sarbey sa ibang format o wika, o kung mayroon kang tanong, mangyari lamang na kontakin ang Picker (tagapamahala ng sarbey). Ang mga detalye upang makontak sila ay nasa sulat ng imbitasyon.

Hindi makikita ng mga propesyonal na gumagamot sa iyo ang mga sagot mo sa sarbey. Kung may pag-aalala ka sa iyong kalusugan o sa iyong kalagayan, mangyari lamang na kontakin ang iyong GP o espesyalistang nars. Mananatili tulad nang dati ang iyong pag-alaga, sagutin mo man ang sarbey o hindi.

Mahahanap ang karagdagang impormasyon tungkol sa National Cancer Patient Experience Survey dito: https://www.ncpes.co.uk/

Information produced by: Health Inequalities and Patient Experience Team
Date of publication: October 2021
© Cheshire and Merseyside Cancer Alliance

Cheshire & Merseyside Cancer Alliance